Embahada ng Czech Republic at Komisyon sa Wikang Filipino, sumabak sa programang palitang salin

Pumirma ang Embahada ng Czech Republic at ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa isang Memorandum ng Pagkakaunawaan na nagsasapormal sa pagkakaroon ng isang programang palitang salin ang Czech Republic at Filipinas noong 23 Hulyo 2015 sa Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA).

Tampok sa programa ang mga salin ng akdang pampanitikan sa Czech at Filipino. Isasalin sa Czech ang mga tula, maikling kuwento, at antolohiyang Filipino. Kabilang sa mga isasalin sa Filipino ang aklat ng mga pilíng tula ni Jaroslav Seifert. Si Seifert, isang tanyag na makatang Czech, ay tumanggap ng Nobel Peace Prize noong 1984.

Pumirma para sa dalawang bansa ang Embahadór ng Czech Repulic na si Jaroslav Olša Jr. at Virgilio S. Almario, Tagapangulo ng KWF at Pambansang Alagad ng Sining. Nagsilbing saksi sina Sharlene Balaan ng Embahada ng Czech Republic at Felipe M. de Leon Jr., Tagapangulo ng NCCA.

Nása retrato (mula kaliwa): Felipe M. de Leon Jr., Tagapangulo ng NCCA; Virgilio S. Almario, Tagapangulo ng KWF at Pambansang Alagad ng Sining; Jaroslav Olša Jr., Embahadór ng Czecj Republic; at Sharlene Balaan ng Embahada ng Czech Republic.